

SIGURADUHING ANG BOTO NINYO PARA SA NUHW AY MAY KWENTA!


- 1 Markahang para sa NUHW ang inyong balota.
- 2 Pirmahan ang likod ng sobrang return envelope kundi hindi isasama sa bilang ang boto ninyo.
- 3 Ipadala ang inyong balota kaagad para matanggap ito ng NLRB ng hindi lalampas ng ika-27 ng Mayo. Kung wala sa NLRB ang balota ninyo sa ika-27 ng Mayo ay hindi ito isasama sa botohan.
- 4 Kung sa ika-11 ng Mayo ay hindi pa rin ninyo natanggap ang inyong balota, tawagan po ninyo ang opisina ng NLRB sa San Francisco sa (415) 356-5130.
- 5 Ang mga boto ay bibilangin sa 10 a.m. ng Miyerkules, ika-10 ng Hunyo, sa NLRB Region 20 opisina, 901 Market Street, San Francisco.



BOBOTO KAMING MANITILING NAKIKIISA SA NUHW!

98%

ng mga botante ng NUHW ay bumotong tanggapin ang ating bagong kontrata. Ngayon ang super-majority sa atin ay bumobotong manatili sa ating unyon, NUHW!



Hindi ako payag na mawala ang ating bagong kontrata, ang aking seniority o ang aking kapangyarihang manalo sa pamamagitan ng paglipat sa isang unyon tulad ng SEIU. Maraming taong nakalipas noong binoto nating umalis sa SEIU at sumali sa NUHW dahil sa kalabuan at pagkawala ng representasyon laban sa Sutter. Bilang mga miyembro ng NUHW, nilabanan natin ang Sutter at nakakamit ng tunay na kabutihan, tulad ng ating FSA at pagtigil ng pag-sasubcontract. **Gusto ng SEIU na sumama tayo sa kanilang grupop sa St. Luke's, ngunit hindi man lamang mapakita sa atin ang kontrata ng St. Luke's.** Anong palagay ninyong magiging trato nila sa atin sa oras na kasali na talaga tayo sa kanilang unyon? Ako'y 100% bobotong manatili sa NUHW.

— Josh Barba, Surgical Tech, ng 4 na taon



NUHW: TUNAY NA KAPANGYARIHAN, TUNAY NA GARANTIYA, TUNAY NA KONTRATA

Ito ang mga GARANTISADO sa NUHW:


- Ang ating bagong kontrata, kasama ang 3% pagtaas ng sahod at proteksyon laban sa mga layoff at pag sasubcontract
- Ang ating FSA (na binitawan ng SEIU para sa mga miyembro nila sa St. Luke's)
- 80 oras na emergency paid leave sa pamamagitan ng bagong ordinansa ng San Francisco
- Tunay na kapangyarihang harapin ang CPMC, at tunay na plano upang ipagpatuloy ang pagba-bargain ngayong Oktubre
- Suporta ng 100% ng San Francisco Board of Supervisors
- Ang unyon dues ay 33% na mas mababa kaysa sa SEIU

Sa SEIU, WALANG garantisado- maliban lang sa mas mataas na dues at mga pagpapaiba ng ating seniority:

- WALANG kalinawan (nasaan ang lihim na kontrata ng St. Luke's?)
- WALANG garantiya
- WALANG plano upang ipagtanggol ang ating mga trabaho
- WALANG plano upang makakamit ng kontrata o pagtaas ng sahod
- WALANG kapangyarihan sa mga hinalal na opisyal sa San Francisco
- Ang seniority ay nakahalo sa St. Luke's

Paulit-ulit na sinasabi ng SEIU na pag sumali tayo sa kanila, tataas ang sahod natin. Kasinungalingan! Noong tinanong ko ang SEIU kung garantisado ba yun, sabi nila hindi daw dahil kailangan pang makipag-bargain. Hiningan ko din sila ng kopya ng kontrata ng Mission Bernal (St. Luke's) para maikumpara ko sa kontrata natin at ang sagot nila'y hindi daw pwede kasi hindi daw ito pampubliko. Bakit hindi natin pwedeng tingnan ang kontrata nila? Anong tinatago nila? **Boboto akong manatili sa NUHW dahil sa NUHW, walang mga sikreto at garantisado ang ating kontrata. Sa SEIU, mga walang kwentang pangako lamang.**

— Mirna Gamblin, Housekeeper, ng 11 taon



MALAKAS ANG NUHW SA MGA MAY KAPANGYARIHAN

Ang buong San Francisco Board of Supervisors ay mas tinaguyod ang NUHW kaysa sa SEIU-UHW. Ang laking bagay nito! May tunay na kapangyarihan ang NUHW sa San Francisco at nakakamit ng kontrata kahit sa kasalukuyang krisis. Ano na bang nagawa ng SEIU-UHW para sa mga manggagawa ng CPMC? Wala!

Samantala ang dami ng mga miyembro ng SEIU sa Stanford ang nawawalan ng trabaho, at pumirma sila sa mga kasunduan sa mga pinagtatrabahuhan tulad ng Kaiser na nangangakong hindi pupursigihin ang mga grievance, pagba-bargain o mga arbitrasyon ngayon. Alam kong mas maigi tayo sa NUHW, kung saan meron tayong tunay na kontrata at tunay na kapangyarihan upang labanan ang Sutter.

— Felix Garcia, Food Service Aide, ng 4 taon

